**International Journal of Research Studies in Education**
2025 Volume 14 Number 14, 101-109




# Paggamit ng *Social Media* ng mga estudyante sa kolehiyo at epektong pangkarunungan

Mandado, Juliet O. ✉
*Cebu Technological University, Philippines (juliet.mandado@gws.ctu.edu.ph)*

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

**Received**: 8 July 2025 **Revised**: 24 July 2025 **Accepted**: 28 July 2025
**Available Online**: 1 August 2025 **DOI**: 10.5861/ijrse.2025.25225

***Abstract***

Through the development of social media, and information delivery has been changed it also brings several reasons and intellectual issues to students. This paper explores students' obsession with using Social Media and the learning effects that focus on using, being immersed in the internet, obtaining information, and procrastinating of school paper work resulting from excessive use of social media. Interviews were conducted with students and teachers who use Social media in teaching. It was also found that students are skilled in using it in their daily learning. The data obtained from the respondents is confidential on gathering the results on this research. This research used the qualitative method to analyze students' social media habits and its effect to learning. This can lead to decreased productivity of student output, attention spans and increased delay doing something to be done on time. The study identifies the applicable uses of social media sites as what 1) information may learn from it; 2) effect in usage of social media; 3) frequent used of social media; and 4) reasons in using. It is a learning tool for students in everyday life and emphasizes learning through its usage. It was also found out that students have the skill to use it in daily learning. The paper urges every individual, educator, and institution to make policy to address the excessive use of Social Media proactively and encourages further research to explore effective interventions. Further research is encouraged to explore effective interventions for teaching Filipino, and to examine some of the results of previous studies that utilize teaching-learning for the classroom.

***Keywords:*** voice, purpose, register, audience, content style

© The Author(s) / Attribution-NonCommercial-NoDerivs CC BY-NC-ND

# Paggamit ng *Social Media* ng mga estudyante sa kolehiyo at epektong pangkarunungan

## 1. Abstrak

Sa modernong panahon ay naging gamit at popular na ang makabagong kagamitang pang-internet na nasa *Social Media o SocMed* para sa mga estudyante lalo na sa pag-aaral at pagkatuto na magamit ito sa iba pang gawain. Ang mga estudyante sa ngayon ay kinahiligan na ang mga ito at malaking impluwensya ang teknolohiya. Nagbigay ng maraming oras sa pagbabad sa *online* kaysa sa gawaing pampaaralan at ang pagganap sa gawaing akademiko. Isinasaad nito na ang social media ay may epekto sa akademikong pagganap ng mga estudtante na maaaring positibo o negatibo na nakadepende sa haba ng oras at layunin sa paggamit ng mga ito. Ang pananaliksik na ito ay isang deskriptibong pag-aaral sa pagkahumaling sa social media ng mga estudyante sa kolehiyo. Pokus ng pag-aaral na ito na matukoy ang papel na ginagampanan ng Social Media sa proseso ng pagkatuto ng mga estudyante; gayundin ang pag-alam sa epektong pangkarunungan na kung saan ay nakapokus sa paggamit nito. Napagtuonan ang kaukulang paggamit sa mga social media sites bilang kagamitan sa pag-aaral ng mga etudyante at binibigyang-diin ang pagkatuto. Ginamit ng pananaliksik na ito ang kwantitabo at kwalitatibong pamaraan sa pag-analisa sa mga gawi ng mga estudyante sa social media, pagiging babad sa online, pagkuha ng impormasyon, at pagpapaliban sa gawaing pampaaralan na nagreresulta mula sa labis na paggamit. Tinutukoy ng pag-aaral ang sumusunod na problema; mga impormasyon, epekto at dalas ng paggamit, at dahilan ng paggamit sa social media. Nagsagawa ng pakikipanayam sa mga estudyante at guro na gumagamit ng Social media sa pagtuturo. Napag-alaman din na ang mga estudyante ay may kasanayan sa paggamit nito sa araw-araw sa pagkatuto at bawat datos na makukuha sa respondente ay kumpensiyal sa gawaing pananaliskik. Sa pamamagitan ng pag-usbong ng *social media* ay binago ang paghahatid ng komunikasyon at ng impormasyon, at nagdudulot din ito ng mga mga rason at isyung pangkarunungan sa mga estudyante. Hinihimok ng papel ang bawat indibidwal, tagapagturo, at mga institusyon na gumawa ng patakaran na tugunan ang labis na paggamit ng *Social Media* nang maagap at hinihikayat ang karagdagang pananaliksik upang tuklasin ang mga epektibong interbensyon tungo sa pagtuturo sa Filipino, at sipatin ang ilang resulta sa mga naunang pag-aaral na magamit ang pagkatuto-pagtuturo sa loob ng klasrum.

***Mga Susing salita***: voice, purpose, register, audience, istilong pangnilalaman

## 2. Introduksiyon

Sa modernong panahon ay naging gamit at popular na ang makabagong kagamitang pang-internet na nasa *Social Media o SocMed* para sa mga estudyante sa pag-aaral at pagkatuto na magamit ito sa ibang gawain. Ang mga estudyante sa ngayon ay kinahiligan na ang mga ito at malaking impluwensya ang teknolohiya. Nagbigay ng maraming oras sa pagbabad sa *online* kaysa sa gawaing pampaaralan at ang pagganap sa gawaing akademiko. Isinasaad nito na ang social media ay may epekto sa akademikong pagganap ng mga estudtante na maaaring positibo o megatibo na nakadepende sa haba ng oras at layunin sa paggamit nito. Lumabas sa isang pag-aaral ni Alhabash at Ma (2017), ang epekto ng social media ay nakadepende sa paggamit, sa paraang produktibo, walang kontrol at disiplina na maaaring resulta sa pagkaantala ng mga gawain at pagbaba ng kalidad ng pag-aaral.

Mahalaga ang paksang ito sapagkat ipinapakita nito ang mga epekto ng pagkahumaling sa *social media* ng mga estudyante sa institusyon. Katunayan binanggit sa pag-aaral ni Rex (2024) na binago ng social media ang komunikasyon at pagbabahagi ng impormasyon, ngunit nagdudulot din ito ng mga sikolohikal at panlipunang hamon at tinutuklas ito na *Social Media Hangover.* Sa pagpapatuloy na pagdami ng mga gumagamit ng social media, mahalagang tukuyin kung paano ito nakakatulong o nagiging hadlang sa pagkatuto, sa inilaang oras, paraan ng paggamit at konsentrasyon sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

Binanggit sa pag-aaral ni (Matang, 2023a, at Smith, 2017a) na ang ebolusyon ng teknolohiya at medya na

nagpadali sa komunikasyon at interaksyon ng magkaibang lugar ay isa sa mga salaysay na makapagpapaliwanag sa konsepto ng pandaigdigang mamamayan. Nagaganap ang integrasyon kapag nawala ang mga hangganan ng bansa, at pinapayagan ng teknolohiya ang iba't ibang kultura at bansa na makipag-usap at makilala bilang mga pandaigdigang mamamayan.

Ang *social media* ay isa sa mga kinahuhumalingan ng halos lahat ng tao ngayon sa mundo na maaaring gamitin upang makipag-ugnayan sa ibang tao bilang libangan. Ang pagiging maimpluwensiya ng mga ito, nababago nito hindi lamang ang mga gawi kung hindi pati na rin ang kabuuang pagkatao ng mga gumagamit nito. Ang *social media* ay tumutukoy sa sistema ng pakikipag-ugnayan sa mga tao na kung saan ay lumilikha, nagbabahagi at nakikipagpalitan ng impormasyon at mga ideya sa isang birtwal na komunidad sa pamamagitan ng teknolohiya.

Ilan sa mga pinakakilalang *social media sites* ay ang *Facebook, Youtube, Google, Linked, Twitter at Instagram at* iba pang katulad. Katunayan binanggit sa pag-aaral ni Barman et al. (2024) na naghahatid ang mga *platform* na ito ng iba't ibang tampok at tumutugon sa iba't ibang interes, na nagbibigay-daan sa mga kabataan na ipahayag ang sarili, kumonekta sa iba, at aalamin ang nilalaman sa iba't ibang paraan. Ang social media ay koneksyon sa bawat aspeto ng buhay sa kasalukuyang kultura, lalo na para sa bagong henerasyon.Sa mga nabanggit, maaaring maibahagi ng mga gumagamit ang mga larawan at mga bidyu sa mga naturang *sites*. Dito rin maaaring makakuha ng iba’t ibang impormasyon na kinakailangan malaman ng mga tao. Nakalalay rin sa mga gumagamit nito ang kaligtasan sa bawat pagkonekta sa iba’t ibang websites. Ayon kay Dollarhide (2024), ang social media ay tumutukoy sa iba’t ibang uri ng teknolohiya na nagbibigay daan upang maibahagi ng tao ang pansariling kaalaman at impormasyon kabilang na ang pasulat at biswal na aspeto ng pagpapahayag.

Isa sa mga teorya ang *Uses and Gratifications Theory* nina Blumler at Katz (1974), na nagpapaliwanag kung paano ginamit ng mga indibidwal ang media upang matugunan ang mga personal na pangangailangan. Sa kontekstong ito, inilahad na maaaring gamitin ng mga estudyante ang socila media bilang kagamitan o kasangkapan sa patanggap at pagkuha ng impormasyon, koneksyon, pampalipas oras, may positibo o negatibong epekto sa pagganap sa pampaaralang gawain. Ang inirerekumenda ang paggamit ng modelong onlayn sa pagtuturo ay naglalaman ng maraming mahahalagang katangian na matatagpuan sa iba't ibang mga pag-aaral at edukasyon sa online, mga teorya, at modelo.Sa larangan ng edukasyon, lumaganap ang mga paraan ng pagtuturo sa gamit ang online at ang sosyal media ang dahilan sa pagyakap nito sa kakayahan na magbigay ng mas maraming kaalaman, mas nakakaengganyo na karanasan sa pag-aaral, at mas malalim na paggamit ng mga nais matuto na mga estudyante. Gayunpaman, may mga prblema din tulad ng kakulangan sa aksesibidad at mga teknikal na hadlang na maaaring makaapekto sa paggamit ng ganitong pamamaraan.

Dumadami ang impormasyong nakukuha sa social media, ilan sa mga ito ay ang pagiging una palagi sa mga isyu at balita. Nagagamit din ito ng mga estudyante sa mga gawain sa paaralan. Ngunit kaakibat naman nito ay ang mga masasamang epekto kagaya na lamang ng pagiging palaasa at pagiging tamad sa mga taong gumagamit ng nito bilang madaling pagkuha ng impormasyon at naging rason na madalas ay isinasantabi na muna ang mga mahahalagang gawain at nawawalan na ng pukos sa pag-aaral. Ang mga natuklasan na ito ay sinusuportahan ng mga kasunod na pag-aaral na nagpapahiwatig na ang mga estudyante ay nag-uulat ng mas mataas na kasiyahan at pinahusay na pagpapanatili kapag isinasama ang social media sa kanilang mga kurso (Alon & Herath, 2014a, 2012b). Bukod pa rito, ipinakikita ng naunang pananaliksik na ang mga estudyante ay boluntaryong nanood ng mga online na video na nauugnay sa klase ay nakakuha ng mas mahusay na mga marka kaysa sa mga kapantay na nagpasyang huwag munang manood ng mga *online na video* (Junco & Cotten, 2012). Sa pag-aaral na ginawa ni Al-Rahmi (2013) na ang mga resulta ay nagpapakita na ang kolaboratibo na pag-aaral na may positibo at makabuluhang sa interaktibo sa mga kapantay, interaktibo sa mga guro at pakikipag-ugnayan na nakakaapekto sa akademikong pagganap ng mga estudyante.

Nakapaloob sa Grand Canyon (2023), na ang teknolohiya ay sentro ng buhay ng karamihan at ang kapaligiran, at silid-aralan ay walang pagbubukod. Ang mga teknolohiya ng impormasyon at komunikasyon sa

edukasyon ay isang kumplikadong mga materyal na pang-edukasyon at pamamaraan, teknikal at instrumental na paraan ng teknolohiya ng computer sa proseso ng edukasyon, mga form at pamamaraan ng kanilang aplikasyon upang mapabuti ang mga aktibidad ng mga espesyalista sa mga institusyong pang-edukasyon (administrasyon, tagapagturo, mga espesyalista), pati na rin para sa edukasyon (pag-unlad, pagsusuri, pagwawasto) ng mga bata IK-PTZ (2016).

Ang mga pag-aaral naman mula sa Pilipinas ay nakitaan na ng kaparehong pagtalakay tungkol sa paggamit ng social media noong 2013, ipinapakikta sa resulta ng pag-aaral ni Hinaban (2013) na kapag ginamit bilang bahagi sa pagtuturo ang sosyal medya, mailalalagay din ba ng mga mag-aaral at guro na gumagamit ng SNS o Social Networking Sites na ang hangganan o parametro ng ugnayan nila sa sia't isa ay guro-mag-aaral na ugnayan. Ginawa ang pananaliksik na ito upang mas mapagtuunan ng pansin ang iba pang maaaring maidudulot ng paggamit ng *social media* at maaaring epekto nito sa pangkarunungan ng mga estudyante. Ninanais ng mananaliksik na makalikom pa ng karagdagang impormasyon patungkol sa mga epektong hatid ng *social media sites* at upang mas mapag-aaralan pa ang mga ito na mahahanapan ng agarang lunas at agarang solusyon.

Ang paggamit ng *social media* ay may mabuti at masamang epekto, isang halimbawa ay ang distraksyon sa pag-aaral dahil nakaantabay ang oras sa social media, sa kabutihang aspeto naman ay ang pagpapadali ng isang gawaing akademiko. Kaya, ang social media ay nagagamit ito ng mga estudyante para sa pananaliksik, napapadali ang pagkalat ng kaalaman o mga impormasyon, at ang talento ay naibabahagi at natutuklasan sa pamamagitan ng pagpo-post ng bidyus. Sa kabilang banda, dahil dito ay nababawasan ang interaksyon sa personal at ang paggamit ng mahabang oras ay magsisilbing sanhi upang maapektuhan at mapabayaan ang pag-aaral. Katunayan, ipinapakita sa pananaliksik nina Keles, McCrae at Grealish (2020) na may kaugnayan ang labis na paggamit ng social media sa pagtaas ng antas ng stress, anxiety, at depresyon sa mga kabataan.

Ang pananaliksik na ito ay naglalarawan din sa pananaw, kaugalian, at ideya ng mga piling estudyante ng Cebu Technological University-Main Campus. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, inaasahang mabibigyang-linaw at solusyon ang epekto ng social media sa akademikong pagganap ng mga estudyante at malaman ang kontekstong pangkaalaman na maaaring sagabal o kaagapay ba ang mga ito. Ito rin ay makakatulong sa mga estudyante upang mas maintindihan ang paggamit sa mga kasangkapan na ito sa pagpapaunlad ng kaalaman sa paaralan.

Layunin ng pananaliksik na ito na masagot ang mga sumusunod na katanungan:

- Ano-ano ang mga nakukuhang impormasyon mula sa *social media?*
- Ano-ano ang mga epekto sa pagkahumaling dito?
- Anong dalas na pagkakataon sa paggamit ng *social media*?
- Ano-ano ang mga dahilan sa pagkahumaling ng mga estudyante sa social media?

## 3. Metodolohiya

Isinagawa ang pananaliksik na ito sa pamamagitan ng pagsasagawa ng sarbey gamit ang mga sarbey-kwestyuner sa deskriptibong pamaraan. Ang mga respondente ay kusang-loob na lalahok sa pag-aaral matapos maipaliwanag ang layunin ng pananaliksik at hiningi ang pahintulot na kasali sa pag-aaral. Tiniyak ng mananaliksik maging kumpidensyal ang mga sagot sa gawaing ito. Ang mga talatanungan ay naglalaman ng anim na katanungan na maaaring masagutan sa pamamagitan ng paglalagay ng tsek (/) sa mga kahon ng napiling sagot. Bukod sa mga sarbey-kwestyuneyr ay nagsagawa rin ng grupong panayam at indibidwal na panayam ang mga mananaliksik. Ang panayam ay binubuo ng tatlong katanungan na pinasagutan sa mga napiling limampung (50) estudyante. Limitado ang pag-aaral na ito sa mga piling estudyante ng CTU Main na kumukuha ng iba't ibang prorama sa naturang institusyon. Ang mga katanungan sa panayam ay *closed questions* na kung saan ang mananaliksik ay nagbigay ng mga pagpipiliang sagot. Ang sagot ng mga estudyante ay kaagad na itinala para sa

interpretasyon ng datos.

Ang mga sarbey-kwestyuner ay ipinamahagi sa mga piling estudyante ng Cebu Technological University sa iba't ibang programa. Ang mga mananaliksik ay naghanda ng limampung (50) kwestyuner, ay ipinamahagi sa mga estudyante bilang tagatugon sa ginawang pag-aaral. Ang kwestyuner ay hinati-hati sa mga iba't ibang programa. Ang mga mananaliksik ay nagsagawa rin ng interbyu sa limampung (50) mag-aaral. Sa kabila ng limitasyong ito, layunin ng mananaliksik na makapagbigay ng makabuluhang datos sa pamamagitan ng pagsusuri at interpretasyon ng pag-aaral. Sa pamamagitan nito, susuriin ng mananaliksik ang mga impormasyong nakuha mula sa social media, epekto sa pagkahumaling, mga dalas ng paggamit, dahilan kung bakit nahuhumaling ang mga estudyante sa paggamit ng social media at ang pangkarunungan akademikong ganap. Ang resulta ng sarbey ay sistematikong susuriin upang makabuo ng mga kongklusyon at rekomendasyon na magpapatibay sa nakalap na datos.

Nilalayon ng pag-aaral na ito na mahalagang masuri at maalaman kung ang social media ay nagsisilbing kaagapay o sagabal sa akademikong pagganap ng mga estudyante. Ginamitan ng porsyento at rango ang mga datos para mapadali ang pag-uuri ng mga resulta sa loob ng bawat talahanayan nito. Ang tiniyak sa pag-aaral na ito ang sumusunod na; mabigyang kasagutan ang mga nakukuhang impormasyon mula sa *social media,* mga epekto sa pagkahumaling dito, dalas na pagkakataon sa paggamit ng *social media*, at ang mga dahilan sa pagkahumaling ng mga estudyante sa social media.

## 4. Resulta at Pagtalakay

Ito ang bahagi ng pananaliksik na tumatalakay sa presentasyon at interpretasyon ng mga datos na nakalap tungkol sa Epekto ng Pagkahumaling sa Social Media ng Estudyante at Epektong Pangkarunungan ng mga estudyante. Ipinapakita sa Talahanayan 1 ang distribusyon ng mga respondente base sa kung nakatutulong ba ang paggamit ng social media araw-araw. Sa limampung respondent (50), walumput-walong porsyento (88%) ang sumagot ng Oo at ito ang may pinakamataas na porsyento habang labing dalawa (12%) naman ang sumagot ng Hindi.

**Talahanayan 1**
*Distribusyon ng mga Respondente sa Paggamit ng Social Media*

| | **MGA PROGRAMA** | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | BSEd | BEEd/ BECEd | BTLEd | BTVTEd | BSNEd | TOTAL |
| **Oo** | 10 | 7 | 9 | 10 | 8 | 88% |
| **Hindi** | 1 | 2 | 0 | 1 | 2 | 12% |
| **Total** | 11 | 9 | 9 | 11 | 10 | 100% |

Mula sa Talahanayan 2 ipinapakita ang *social media sites* mula sa kung ano ang kadalasang binibisita na mga napapanahon at kinagigiiwan ng mga estudyante. Sa (50) limampung respondente, siyamnaput-dalawang porsyento (92%) ang sumagot ng *Facebook* at ito ang may pinakamataas na porsyento. Pumapangalawa ang *Google* na may animnaput-apat na porsyento (64%), Pangatlo ay ang *Youtube* na may limamput-walong porsyento (58%), habang kasanuod naman nito ang social media site na Instagram kung saan inilalahad dito na bahagdan.

**Talahanayan 2**
*Social Media sites na Kadalasang Binibisita*

| **Pagpipilian** | **MGA PROGRAMA** | | | | | | **Rank** |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | BSEd | BEEd/ BECEd | BTLEd | BTVTEd | BSNEd | TOTAL | |
| **Facebook** | 10 | 10 | 8 | 9 | 9 | 92% | 1 |
| **Twitter** | 3 | 1 | 4 | 1 | 5 | 28% | 5 |
| **Instagram** | 5 | 3 | 7 | 2 | 6 | 46% | 4 |
| **Google** | 4 | 9 | 6 | 8 | 5 | 64% | 2 |
| **Youtube** | 6 | 9 | 4 | 7 | 3 | 58% | 3 |

Pang-apat - Instagram na may apatnaput-anim na porsyento (46%), at ang panghuli ay ang *Twitter* na may dalawamput-walong porsyento (28%). Kakitaan mula sa inilahad na talahanayan sa itaas na madalas ang *Facebook* na binibisita ng mga estudyante bilang libangan sa araw-araw na Gawain.

Ipinapakita sa ginawang pag-aaral ni De Guzman (2017) na *Students Use of Social Media: It's Relationships to Academic Performance and Technology Ethics Decisions*. Ang paggamit ng social media ay nasa katamtamang paglalarawan lamang din. Batay sa pag-aaral, nangunguna sa pwesto ang "Facebook" namay madalas na paggamit. Patunay ang resulta sa isang pag-aaral ng *Pulse Asia* (2021) tungkol sa paggamit ng *internet sites* na ang *Facebook account* ay mayroong 99% bahagdan ay ginagamit sa paraan ng komunikasyon.

**Talahanayan 3**
*Nakukuhang impormasyon mula sa Social Media*

| **Pagpipilian** | **MGA PROGRAMA** | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | BSEd | BEEd/ BECEd | BTLEd | BTVTEd | BSNEd | **TOTAL** | **Rank** |
| **Mga Update sa Social Media** | 10 | 8 | 7 | 9 | 8 | 84% | 2 |
| **Mga Balita** | 11 | 9 | 6 | 9 | 5 | 80% | 3 |
| **Mga Karanasan ng ibang tao** | 8 | 7 | 5 | 7 | 7 | 68% | 4 |
| **Mga Napapanahong Isyu** | 11 | 9 | 6 | 9 | 8 | 86% | 1 |

Ipinapakita mula sa Talahayan 3 ang distribusyon ng mga respondente base sa kung ano ang mga nakukuha mula sa social media. Sa limampung respondente, may walumput-apat na porsyento (84%) ang sumagot na ang nakukuha mula sa social media ay *mga update sa social media*. Walumpong porsyento (80%) naman ang sumagot ng mga *balita*, animnaput-walong porsyento (68%) ang sumagot ng mga *karanasan ng ibang tao*, at walumput-anim na porsyento (86%) ang sumagot ng *napapanahong isyu*.

Base sa resulta, ang may pinakamataas na porsyento ay ang napapanahong isyu na umabot hanggang walumput-anim na porsyento (86%). Nagpapakita lamang na ang karanasan ng tao ay nagdepende na rin sa mga nakikita, napapanood at nagamit na mga halimbawa mula sa social media na naranasan sa pang-araw-araw na paggamit ng mga nasabing impormasyon sa buhay ng mga estudyante.

**Talahanayan 4**
*Epekto ng Pagkahumaling ng mga Estudyante sa Social Media*

| **Pagpipilian** | **MGA PROGRAMA** | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | BSEd | BEEd/ BECEd | BTLEd | BTVTEd | BSNEd | TOTAL | **RANK** |
| **Abala sa iba** | 5 | 3 | 6 | 8 | 5 | 54% | 2 |
| **Antala sa gawain** | 11 | 9 | 7 | 8 | 9 | 88% | 1 |
| **Mababang marka** | 2 | 2 | 4 | 2 | 4 | 28% | 3 |
| **Walang pokus** | 6 | 8 | 6 | 4 | 3 | 54% | 2 |

Ipinapakita sa Talahanayan 4 na kung ano ang epekto ng Social Media sa paggamit ng mga ito. Mula sa resulta ay may limampung respondent (50), walumput-walong porsyento (88%) ang sumagot ng *pagkaantala ng mga gawain* at ito ang nangunguna. Pumapangalawa ang pagiging *kawalan ng pokus* at abala sa gawain sa realidad na parehong may limamput-apat na porsyento (54%). Panghuli naman ang *pagbaba ng marka* na may dalawamput-walong porsyento (28%).

Isa sa resulta ng pag-aaral ni Rex 2024 na ang paagkawala ng pagiging produktibo sa gawain ay isang malinaw na ugnayan sa pagitan ng mataas na paggamit ng social media at kaunting kahusayan sa trabaho o pag-aaral. Ang problema ay ang pagpapaliban, pagkagambala, at pangkalahatang kawalan ng kakayahang nakatutok ay naging sanhi ng maraming kalahok na nahihirapan sa mga pagganap sa bawat gawain sa paaralan o trabaho.

Inilalahad sa talahanayan 5 ang distribusyon ng mga respondente sa kung gaano kadalas gumamit ng Social Media. Sa limampung respondent, walumput-walong porsyento (88%) ang *sumagot ng araw-araw*, labing

dalawang porsyento (12%) ang sumagot ng *minsanang paggamit* at walang sumagot ng walang oras sa paggamit. Sa kabuuan, mas maraming respondent ang nagsasabing araw-araw na bumibisita sa social media at konti lang sa minsanan.

**Talahanayan 5**
*Dalas sa Paggamit ng Social Media*

| Pagpipilian | MGA PROGRAMA | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | BSEd | BEEd/ BECEd | BTLEd | BTVTEd | BSNEd | TOTAL |
| **Araw-araw na paggamit** | 8 | 8 | 9 | 9 | 10 | 88% |
| **Minsanan na paggamit** | 2 | 2 | 1 | 1 | 0 | 12% |
| **Walang Oras** | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0% |
| **Total** | 10 | 10 | 10 | 10 | 10 | 100 |

Ipinapakita sa talahanayan 6 ang distribusyon ng mga respondente base sa kung ano ang rason sa pagkahumaling ng SHS sa Social Media. Nangunguna sa mga rason ay ang *ginagamit sa komunikasyon* na may siyamnaput-dalawang porsyento (92%). Pumapangalawa nito ang *nagsisilbing libangan* na may pitumpot-walong porsyento (78%) Pangatlo ang *panonood ng mga videos at pagpo-post ng mga larawan* na may parehong limamput-walong porsyento (58%). Panghuli ay ang *pagpapahayag ng damdamin* sa mga *social media accounts* na may tatlumpong porsyento (30%).

**Talahanayan 6**
*Dahilan sa Pagkahumaling sa Social Media*

| Pagpipilian | MGA PROGRAMA | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | BSEd | BEEd/ BE CEd | BTLEd | BTVTEd | BSNEd | TOTAL | **RANK** |
| **Nagsisilbing libangan** | 9 | 7 | 7 | 7 | 9 | 78% | 2 |
| **Paggamit nito sa komunikasyon** | 11 | 9 | 9 | 9 | 8 | 92% | 1 |
| **Panonood ng mga videos** | 9 | 6 | 4 | 5 | 5 | 58% | 3 |
| **Pagapapahayag ng damdamin** | 6 | 8 | 6 | 4 | 3 | 30 | 4 |
| **Pagpo-post ng larawan** | 8 | 6 | 2 | 5 | 8 | 58% | 3 |

Sa pangkabuuan, ang epektibong paggamit ng social media ay isang gabay na hindi maging hadlang sa pag-aaral, magagamit ito sa pagkatuto, at responsableng paggamit sa social media sa loob ng paaralan. Sa pag-aaral na ito ay mahalaga na mapanatili at mapabuti ang akademikong pagganap ng mga estudyante.

## 5. Natuklasan

Ang pakikipag-ugnayan ng tao gamit ang internet ay mahalagang bahagi na sa mga gawain lalo na sa mga etudyante na may gawaing pang-akademiko. Ang social media ay plataporma kung saan maaaring makibahagi ng impormasyon, makikipag-ugnayan sa kapwa maging malayo man, at makabuo ng isang komunidad ng may ugnayang panlipunan. Ang madalas ginamit sa pagbisita ng mga estudyante ay ang *Facebook, Twitter, Instagram, Google at Youtube.* Sa pag-usbong ng paggamit ng mga ito ay naging hadlang naman sa pag-aaral at pagkatuto ng mga estudyante kung saan sa ilang pag-aaral ay ibinahagi na pagtaas ng kawalang pokus, nahihirapan sa pagtapos ng gawaing akademiko, pag-uugali at nauubos ang oras sa paggamit ng internet. Ginawa ang pananaliksik na ito upang matukoy ang mga epekto ng pagkahumaling ng mga estudyante sa social media at makahanap ng magandang alternatibong paraan upang mabaling ang atensyon mula rito.

## 6. Kongklusyon at Rekomendasyon

Batay sa naging resulta ng pag-aaral, ang mga sumusunod ang nabuong kongklusyon:

- Nakitaan na gumagamit ng mga Social Media sites araw-araw ang mga estudyante sa pag-aaral na nakatutulong sa gawaing akademiko at malaki ang ambag nito sa pagkatuto.

- Madalas ay naglalaan ng tatlo hanggang apat na oras sa paggamit ng Social Media ang mga estudyante
- Ang Facebook ay ang pangunahing ginagamit ng mga mag-aaral bukod sa iba pang mga Social Media Sties.
- Nahuhumaling ang mga estudyante sa paggamit ng mga Social Media para sa komunikasyon at nakitaan na ng mga napapanahong isyu na mababasa.
- Sa nakalap na datos, ang pangunahing epekto ng pagkahumaling sa Social Media ng mga estudyante ay ang pagdedelay ng mga gawain ay isa rin sa masamang naidulot sa pag-aaral ng mga estudyante
- Para sa pangkalahatang pananaw, ang pagkakaroon ng disiplina sa sarili ay ang pinakaangkop na paraan upang maiwasan ang pagkahumaling sa Social Media at maiwasto ang dapat na gagawin na naayon sa kahingian ng pagkatuto ng mga estudyante.

***Implikasyon at Limitasyon -*** Ang implikasyon ng pananaliksik na ito sa edukasyon, guro, at mag-aaral ay nakapagbibigay ng mahalagang impormasyon na makatutulong sa mga estudyante upang magkaroon ng balanseng paggamit ng social media. at mapahusay pa ang kasanayan sa paggamit ng teknolohiya sa pagkatuto sa asignaturang Filipino. Sa pamamagitan ng teknolohiya, napapadali ang pagkatuto at responsible na may produktibong pag-unlad gamit ang kasangkapan sa pagkatuto. Sa kabuuan, ang resulta ng pananaliksik ay nagpapakita na ang pagpapalakas ng kasanayan sa teknolohiya ay may mahalagang papel sa pagpapabuti ng sistema ng edukasyon, pagbibigay-kakayahan sa mga estudyante at guro, at pagpapalawak ng oportunidad sa pagkatuto. Ang malawakang suporta ng institusyon sa paggamit o integrasyon ng teknolohiya ay makatutulong upang mapataas ang pag-unawa sa mga nakuha na impormasyon at ang kalidad ng edukasyon, lalo na sa asignaturang Filipino, kung saan maaaring gawing mas makabuluhan at epektibo ang pagtuturo gamit ang makabagong kagamitan. Kaya naman, mas nagiging interaktibo ang klase at mas nagiging aktibo ang mga estudyante sa pagkatuto at dito mas nagiging matagumpay ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

***Rekomendasyon -*** Batay sa mga resulta ng pagsusuri, nabuo ang sumusunod na rekomendasyon:

- Bubuo ng gawaing pampagkatuto at pagtuturo ng araling tutugon sa kasanayang pampagkatuto na itinakda ang paglinang ng mga gawaing sa social media.
- Hikayatin ang mga guro sa Filipino na gamitin ang mapagkatiwalaan na sites para sa pagpapa-unlad ng kaalaman mula sa social media at bukas-palad sa pag-papaunawa sa mga estudyante tungkol sa *misimformation o fake news.*
- Magkaroon ng mga webinar/seminar at worksyap para sa mga guro na magamit ang pananaliksik na ito bilang salalayan sa gawaing pananaliksik tungkol sa pagpapaunlad sa paggamit ng socila media sa diskusyon o lektyur.

## 7. Sanggunian

Alhabash, S. & Mengyan. (2017). *A Tale of Four Platforms: Motivations and Uses of Facebook, Twitter, Instagram, and Snapchat Among College Students?*

Al-Rahmi, W. (2013). *The Impact of Social Media use on Academic Performance among university students: A Pilot Study*.

AJ, Dreemurr. (2016). Mga magaganda at masasamang mga epekto ng social media sa kabataan ngayon. *grateful.happy.loved.myonlinejournal*. https://www.gratefulandhappy.blogspot.com/2016/02/maganda_at_masamang_epekto_ng_social_media

Baguio, M. C. (2024). Epekto ng Paggamit ng Social Media sa Performance ng mga Mag-aaral sa Filipino 8. https://doi.org/10.5281/zenodo.15310997

Barman, S. & Dakua, G. (2024). Studies on Social Media and Its Impact on Youth: Exploring real-world

consequences. Vidya - A Journal of Gujarat University. 3. 132-144. https://doi.org/10.47413/y9ty4d20.

Betos, J. (2024). Kabutihang Naidulot at Suliraning Natamo sa Paggamit ng Social Media ng mga Mag-aaral Sa Filipino 8, Ikatlong Distrito ng Ubay, Bohol. UB Advancing Filipino Research Journal. 1.40-54.

Grand Canyon University. (2023, Abril 03). How using technology in teaching affects classrooms. *edu/blog.* https://www.gcu.edu/blog/teaching-school-administration/howusing-technology-teaching-affects-classrooms

Hicana, Ma. Fe. G. (2013). SNS: Isang Estratehiya sa Larangan ng Pagtuturo. *Dalumat E-Journal*. 4, 1-2.

Junco, Reynol. (2012). No A 4 U: The relationship between multitasking and academic performance. *Computers & Education. 59*. 505–514. https://doi.org/10.1016/j.compedu.2011.12.023

Keles, B., McCrae, N., & Grealish, A. 2020. Asystematic review: The influence of social media on depression, anxiety, and psychologicsl distress in adolescents. *International Journal of Adolocense and Youth, 25*(1), 79-93.

Matang, Matang & Sapriya, Sapriya & Suryadi, Karim & Darmawan, Cecep & Anggraeni, Leni. (2023). Social media as a means for students to become global citizens. *Harmoni Sosial: Jurnal Pendidikan IPS. 10*. https://doi.org/10.21831/hsjpi.v10i1.57729

Pulse Asia. (2021, September). Nationwide Survey on News Sources and Use of the Internet, Social Media, and Instant Messaging Applications. Pulse Asia. Retrieved from https://pulseasia.ph/september-2021-nationwide-survey-on-news-sources-and-use-of-the-internet-social-media-and-instant-messaging-applications/

Rex, A. (2024). *Social Media Hangover: Pag-unawa sa Epekto ng Sobrang Paggamit ng Social Media*.

Sichach, Moses. (2023). Uses and Gratifications theory - Background, History and Limitations. https://doi.org/10.2139/ssrn.4729248

Whiting, A. and Williams, D. (2013), Why people use social media: a uses and gratifications approach, *Qualitative Market Research, 16*(4), 362-369. https://doi.org/10.1108/QMR-06-2013-0041